



# Anong mga Karapatan sa Pag-deactivate ang maipatutupad ng Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa?

## Bago ang 6/1/27

- Akses sa patakaran sa pag-deactivate
- Ang patakaran sa pag-deactivate ay may makatwirang kaugnayan dapat sa mga operasyon ng kompanya
- 14 na araw na abiso bago ang pag-deactivate
  - O kung agad na na-deactivate dahil sa "malubhang pag-aasal (egregious misconduct)", dapat matapos ang pagsisiyasat sa loob ng 14 na araw
- Karapatang tutulan ang pag-deactivate gamit ang pamamaraan ng kompanya at makatanggap ng sagot mula sa kompanya sa loob ng 14 na araw (maliban kung may pambihirang pangyayari)
- Akses sa mga rekord na ginagamit ng kompanya upang pagpasyahan ang pag-deactivate
- Abiso ng karapatang maghain ng reklamo O kasong sibil at maprotektahan laban sa paghihiganti
- Illegal ang pagpaparusa dahil sa paghahain ng reklamo o hinaing

## Pagkatapos ng 6/1/27

- Bawal ang "walang katuturang" pag-deactivate
- Dapat magsiyasat ang kompanya nang patas at obhetibo bago i-deactivate ang isang manggagawa
- Puwede lang agarang mag-deactivate ang kompanya kung nagpamalas ang manggagawa ng "malubhang pag-aasal" o kung iniaatas ng batas ang pag-deactivate
- Dapat maipakita ng kompanya na may malaking posibilidad na may naganap na paglabag
- Dapat ipataw ng kompanya ang mga patakaran nito sa pag-deactivate sa pare-parehong paraan sa lahat ng manggagawa
- Akma dapat ang mga parusa
- Walang katuturan ang pag-deactivate kung magresulta ito sa diskriminasyon
- Ang lahat ng karapatang maipatutupad ng OLS bago ang 6/1/2027



Seattle Office of  
Labor Standards

# Mga Proteksiyon sa Paggawa ng Manggagawang App-Based

Ang pinagtatrabahuhan mo bang kompanya ay hindi sumusunod sa batas na ito?

Puwede kang maghain ng reklamo gamit ang impormasyon sa ibaba:



206-256-5297



[laborinquiry.seattle.gov/worker-inquiry](https://laborinquiry.seattle.gov/worker-inquiry)



o i-scan ito!



May magagamit na mga serbisyo ng interpretasyon sa telepono